

Elk Grove Unified School District

**TAUNANG ABISO HINGGIL SA MGA UNIFORM COMPLAINT
PROCEDURE (UCP)**

2019 - 2020 SCHOOL YEAR

(Patakaran ng Lupon 1312.3)

Para sa mga mag-aaral, empleyado, magulang/guardian, miyembro ng advisory committee (komiteng tagapayo) ng paaralan at distrito, opisyal ng pribadong paaralan, at iba pang mga interesadong panig

Ang Elk Grove Unified School District ay may pangunahing responsibilidad sa pagsunod sa mga pederal at pang-estadong batas at regulasyon. Nagtatag kami ng mga Uniform Complaint Procedure (UCP, Magkakaparehong Pamamaraan sa Pagreklamo) upang tugunan ang mga alegasyon sa labag sa batas na diskriminasyon, panghahas, pananakot, at pambu-bully, at mga reklamong nagsasaad ng paglabag sa mga pang-estado o pederal na batas na namamahala sa mga programang pang-edukasyon, ang pagpapataw ng mga labag sa batas na singil sa mag-aaral at ang hindi pagsunod sa ating Local Control and Accountability Plan (LCAP, Plano sa Lokal na Kontrol at Pananagutan).

Imbestigahan namin ang lahat ng alegasyon hinggil sa labag sa batas na diskriminasyon, panghahas, pananakot o pambu-bully laban sa sinumang protektadong grupong tinukoy sa Kodigo ng Edukasyon seksyon 200 at 220 at Kodigo ng Gobyerno seksyon 11135 kabilang ang anumang mga aktuwal o nahihiwatigang katangian gaya ng nakasaad sa Kodigo Penal seksyon 422.55 o batay sa o na kaugnayam ng isang tao sa isang tao o grupong may isa o higit pa sa mga aktuwal o nahihiwatigang katangiang ito sa anumang programa o aktibidad na isinasagawa ng ahensya, na direktang pinopondohan ng, o na tumatanggap o nakikinabang sa anumang tulong sa pananalapi ng estado.

Mga Programa at Aktibidad na Napapailalim sa UCP

Gagamitin din ang UCP kapag tinutugunan ang mga reklamong nagsasaad ng hindi pagsunod sa mga pang-estado at/o pederal na batas sa:

- Mga Akomodasyon para sa mga Mag-aaral na Nagbubuntis o Mag-aaral na Magulang
- Edukasyon para sa Nasa Hustong Gulang
- Edukasyon Pagkatapos ng Klase at Kaligtasan
- Pang-agrikulturang Pangkarerang Teknikal na Edukasyon
- Pangkarerang Teknikal at Teknikal na Edukasyon, Pangkarerang Teknikal, Teknikal na Pagsasanay (pang-estado)

- Pangkarerang Teknikal na Edukasyon (pederal)
- Child Care and Development (Pangangalaga at Paglaki ng Bata)
- Compensatory Education (Karagdagang Edukasyon)
- Mga Kursong walang Nilalamang Pang-edukasyon

Taunang Abiso Hinggil Sa Mga Uniform Complaint Procedure (UCP)

2019 - 2020 School Year

Pahina 2

- Edukasyon ng mga Mag-aaral sa Foster Care, mga Mag-aaral na Walang Tirahan, mga dating Mag-aaral sa Juvenile Court na naka-enrol ngayon sa distrito ng paaralan at mga Anak ng mga Pamilyang Militar
- Every Student Succeeds Act (Batas para sa Tagumpay ng Bawat Mag-aaral)
- Local Control and Accountability Plans (LCAP, Mga Plano sa Lokal na Kontrol at Pananagutan)
- Edukasyon ng Migrante
- Mga Pagtuturo sa Pisikal na Edukasyon
- Mga Singil sa Mag-aaral
- Mga Makatuwirang Akomodasyon sa Nagpapasusong Mag-aaral
- Mga Panrehiyong Occupational Center at Programa
- Mga Plano ng Paaralan para sa Ikatatamasa ng Mag-aaral
- Mga Planong Pangkaligtasan ng Paaralan
- Mga Konseho ng Paaralan
- Preschool ng Estado
- Mga Isyu sa Kalusugan at Kaligtasan ng Preschool ng Estado sa mga LEA na may Iksemsyon mula sa Paglilisensya

Mga Singil sa Mag-aaral

Ang singil sa mag-aaral ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

1. Singil na ipinataw sa isang mag-aaral bilang kondisyon sa pagpaparehistro para sa paaralan o mga klase, o bilang kondisyon sa pagsali sa isang klase o extracurricular na aktibidad, elektibo man o iniaatas, o para sa kredit ang klase o aktibidad.
2. Security deposit o iba pang kabayaran, na iniaatas sa mag-aaral na gawin upang makakuha ng lock, locker, libro, kagamitan sa klase, instrumentong pangmusika, mga damit, o iba pang mga materyales o kagamitan.

3. Pagbili na iniaatas sa mag-aaral upang makakuha ng mga materyales, suplay, kagamitan, o mga damit na may kaugnayan sa aktibidad na pang-edukasyon.

Maaaring maghain ng reklamo hinggil sa mga singil sa mag-aaral o LCAP sa punong-guro ng paaralan o aming superintendente o kanyang itinalaga. Maaaring maghain ng reklamo hinggil sa singil sa mag-aaral at/o reklamo sa LCAP nang hindi ipinapakilala ang sarili, ngunit dapat magbigay ang nagrereklamo ng ebidensya o impormasyong mag-uwi sa ebidensya upang suportahan ang reklamo.

Ang isang mag-aaral na naka-enrol sa isang pampublikong paaralan sa aming distrito ay hindi aataasang magbatad ng singil sa mag-aaral para sa pagsali sa isang aktibidad na pang-edukasyon.

Taunang Abiso Hinggil Sa Mga Uniform Complaint Procedure (UCP)

2019 - 2020 School Year

Pahina 3

Dapat ihain ang reklamo hinggil sa singil sa mag-aaral nang hindi lalampas ng isang taon mula sa petsa kung kailan nangyari ang sinasabing paglabag.

Karagdagang Impormasyon

Magpapaskil kami ng pamantayang abiso hinggil sa mga karapatang pang-edukasyon ng mga foster na kabataan at mga kabataang walang tirahan, mga dating mag-aaral sa juvenile court na naka-enrol ngayon sa isang distrito ng paaralan, at mga mag-aaral sa mga pamilyang militar gaya ng tinukoy sa Kodigo ng Edukasyon mga Seksyon 48645.7, 48853, 48853.5, 49069.5, 51225.1 at 51225.2. Magiging kabilang sa abisong ito ang impormasyon sa proseso ng reklamo, kung naaangkop

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Ang mga reklamong bukod sa mga isyung kaugnay ng mga singil sa mag-aaral ay dapat na ihain sa paraang nakasulat sa mga sumusunod na itinalaga upang matanggap ang mga reklamo:

Pangalan o titulo: Legal Compliance Specialist (Espesyalista sa Pagsunod sa Batas)
Yunit o tanggapan: Human Resources
Address: Human Resources Department, Elk Grove Unified School District,
9510 Elk Grove-Florin Road, Elk Grove, CA 95624
Telepono: (916) 686-7795 E-mail address: legalcompliance@egusd.net

Ang nakasulat sa itaas na responsable sa pagsunod at mga imbestigasyon ay may kaalaman sa mga batas at programang itinalaga upang imbestigahan.

Ang compliance officer (opisyal sa pagsunod) na tumatanggap ng reklamo ay maaaring magtalaga ng isa pang compliance officer upang imbestigahan at lutasin ang reklamo. Agad na aabisuhan ng compliance officer ang nagrereklamo at magreresponde, kung naaangkop, kung may nakatalagang isa pang compliance officer sa reklamo.

Ang reklamo hinggil sa singil sa mag-aaral ay inihahain sa Superintendente o kanyang itinalaga o sa punong-guro ng paaralan.

Ang mga reklamong nagsasaad ng diskriminasyon, panghahas, pananakot, o pambu-bully, ay dapat ihain sa loob ng anim (6) na buwan mula sa petsa kung kailan nangyari ang sinasabing diskriminasyon, panghahas, pananakot, o pambu-bully, o sa petsa kung kailan unang nalaman ng nagrereklamo ang mga katotohanan ng sinasabing diskriminasyon, panghahas, pananakot, o pambu-bully, maliban kung ang panahon ng paghahain ng reklamo ay pinalawig ng superintendente o kanyang itinalaga.

Taunang Abiso Hinggil Sa Mga Uniform Complaint Procedure (UCP)

2019 - 2020 School Year

Pahina 4

Imbestigahan ang mga reklamo at isang nakasulat na Desisyon o ulat ang ipapadala sa nagrereklamo sa loob ng animnapung (60) araw mula sa pagtanggap ng reklamo. Ang panahong ito ay maaaring palawigin sa pamamagitan ng nakasulat na pagsang-ayon ng nagrereklamo. Ang taong responsable sa pag-iimbestiga ng reklamo ay magsasagawa at kukumpletuhin ang imbestigasyon nang naayon sa mga lokal na pamamaraang pinagtibay sa ilalim ng seksyon 4621.

May karapatan ang nagrereklamong iapela ang aming Desisyon sa mga reklamo tungkol sa mga espesipikong programa, mga singil sa mag-aaral at LCAP sa California Department of Edukasyon (CDE, Kagawaran ng Edukasyon ng California) sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na apela sa loob ng 15 araw ng pagtanggap ng aming Desisyon. Dapat samahan ang apela ng isang kopya ng orihina na naihaing reklamo at isang kopya ng aming Desisyon.

Pinapayuhan ang nagrereklamo ng mga remedyo sa batas na sibil, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga injunction (utos ng korte), restraining order (utos ng pagpigil), o iba pang mga remedyo o utos na maaaring matanggap sa ilalim ng mga pang-estado o pederal na batas sa diskriminasyon, panghahas, pananakot, o pambu-bully, kung naaangkop.

Sa kabila ng proseso para sa mga nakasulat na reklamo, ang sinumang indibidwal na naniniwalang siya o iba pang mag-aaral o grupo ay sumailalim sa labag sa batas na diskriminasyon ay makakapag-ulat sa paraang pasalita ng sinasabing diskriminasyon sa nasasangkol na guro ng mag-aaral (o sa guro ng mag-aaral ng sinasabing grupo), o sa punong-guro, o sa itinalaga ng punong-guro ng paaralan kung saan nangyari ang sinasabing diskriminasyon. Sa proseso ng pag-follow up sa ulat, ipapaalam ng punong-guro o itinalaga ng punong-guro sa indibidwal na gumagawa ng ulat ang karapatang maghain ng nakasulat na reklamo. Kung ang indibidwal na nagbibigay ng pasalitang ulat ay hindi nagnanais na maghain ng nakasulat na reklamo, ay hindi nagnanais na makilala, o hindi magbibigay ng mga pangalan ng mga salarin, maaari pa ring magkaroon ng tungkulin ang paaralang tumugon sa ilang paraan depende sa kalubhaan ng mga alegasyon at sa panganib ng kapahamakan sa hinaharap ng mag-aaral o ng iba. Ngunit, sa abot na ang mga pag-aalalang ito ay maaaring maimbestigahan at/o matugunan ay maaaring maging limitado dahil sa kakulangan ng impormasyong makukuha ng Distrito. Ang tugon ng Distrito sa pasalitang pag-uulat ng mga pag-aalala sa labag sa batas na diskriminasyon ay susunod sa prosesong nakatakda sa UCP.

Isang kopya ng aming mga patakaran sa pagrereklamo at pamamaraan ng UCP ay makukuha nang libre at makukuha sa website ng Distrito sa sumusunod na link:

<http://www.egusd.net/about/district/policiesproceduresnotices/>

Para sa higit pang impormasyon hinggil sa magkakaparehong pamamaraan ng pagrereklamo ng Distrito o tulong sa proseso ng reklamo o imbestigasyon, mangyaring makipag-ugnay sa Legal Compliance Office (Tanggapan para sa Legal na Pagsunod) sa Human Resources sa (916) 686-7795.